

Humandang bumoto sa halalan sa lalawigan ng Ontario!

Markahan ng iyong x sa o bago ang **Pebrero 27** upang ihalal ang iyong Miyembro ng Panlalawigang Parlyamento.

Karapat -dapat ka bang bumoto?

Upang bumoto sa isang halalan sa Ontario, ikaw ay dapat:

- 18 taong gulang o mas matanda sa araw ng halalan;
- isang mamamayan ng Canada; at
- isang residente ng Ontario.

Magparehistro para bumoto!

Kumpirmahin, i-update o idagdag ang iyong impormasyon sa Rehistro sa elections.on.ca bago mag-**Pebrero 17**. Kung nakarehistro ka upang bumoto, makakatanggap ka ng iyong kard ng impormasyon ng botante sa koreo na may impormasyon tungkol sa kung kailan at saan boboto.

Maaari ka pa ring bumoto kung hindi ka pa nakarehistro. Idagdag ang iyong impormasyon nang personal pagpunta mo para bumoto.

Bisitahin ang elections.on.ca para sa impormasyon sa pagiging karapat-dapat at pagpaparehistro.

Kard ng impormasyon ng botante

Kung nakarehistro ka para bumoto, makakatanggap ka ng kard ng impormasyon ng botante sa koreo na may impormasyon tungkol sa kung kailan at saan boboto.

Maaari ka pa ring bumoto kung hindi ka nakatanggap ng kard ng impormasyon ng botante. Magdala ng isang piraso ng ID na nagpapakita ng iyong pangalan at kasalukuyang adres ng tirahan kapag pumunta ka para bumoto.

Para sa isang buong listahan ng mga petsa at lokasyon ng pagboto sa iyong elektoral na distrito, bisitahin ang VoterInformationService.elections.on.ca o i-download ang Elections Ontario na app.

ID para Bumoto

Natanggap mo ba ang iyong kard ng impormasyon ng botante sa koreo o sa pamamagitan ng Elections Ontario na app?

- **Oo** — dalhin ang iyong kard ng impormasyon ng botante at isang piraso ng ID na nagpapakita ng iyong pangalan (hal. utility bill)
- **Hindi** — magdala ng isang piraso ng ID na nagpapakita ng iyong pangalan at adres ng bahay (e.g. lisensya sa pagmamaneho ng Ontario)

Maghanap ng isang listahan ng tinatanggap na ID sa elections.on.ca/id-requirements.

Bumoto ng maaga

Sa pamamagitan ng koreo

- Mag-aplay upang bumoto sa pamamagitan ng koreo sa votebymail.elections.on.ca.
- Dapat matanggap ng Elections Ontario ang iyong aplikasyon bago mag alas-6 ng gabi (Silangang Oras) sa **Pebrero 21**.
- Dapat matanggap ng Elections Ontario ang iyong nakumpletong kit sa pagboto bago mag alas-6 ng gabi (Silangang Oras) sa **Pebrero 27** upang mapabilang.

Sa iyong lokal na opisina ng halalan

- Bumoto nang personal sa iyong lokal na tanggapan ng halalan mula sa **Enero 30** hanggang alas-6 ng hapon (Silangang Oras) sa **Pebrero 26**.

Sa panahon ng paunang pagboto

- Bumoto sa anumang lokasyon ng paunang pagboto sa iyong elektoral na distrito mula alas-10 ng umaga hanggang alas-8 ng gabi (Silangang Oras), **Pebrero 20 hanggang 22**.

Bumoto sa araw ng halalan

- Bumoto sa iyong itinalagang lokasyon ng pagboto mula alas-9 ng umaga hanggang alas-9 ng gabi (Silangang Oras) sa **Pebrero 27**.

Hanapin ang iyong itinalagang lokasyon ng pagboto sa iyong kard ng impormasyon ng botante, sa Elections Ontario na app, o sa voterinformationsservice.elections.on.ca.

Kung ang iyong itinalagang lokasyon ng pagboto ay hindi mapupuntahan, makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng halalan bago ang araw ng halalan upang humiling na mailipat sa ibang lokasyon ng pagboto.

Kakayahang mapuntahan

Maaari kang gumamit ng teknolohiyang pantulong sa pagboto sa itinalagang lugar ng paunang pagboto mula **Pebrero 20 hanggang 22**, sa iyong lokal na tanggapan ng halalan mula **Pebrero 20** hanggang **26** o sa pamamagitan ng appointment sa araw ng halalan.

Para sa isang buong listahan ng mga magagamit na kagamitan at mga serbisyo, bisitahin ang **elections.on.ca/accessible-voting** o tumawag sa 1.888.668.8683 o TTY 1.888.292.2312.

Ang impormasyon tungkol sa pagboto ay makukuha sa mga alternatibong pormat kapag hiniling.

Halika magtrabaho para sa amin

Kung ikaw ay 16 na taong gulang o mas matanda, maaari kang mag-aplay upang magtrabaho bilang isang opisyal ng halalan. Ang lahat ng mga posisyon ay binabayaran at ang pagsasanay ay ibibigay.

Mag-aplay sa **jobs.elections.on.ca**.

Makipag-ugnayan sa amin

Kunin ang mga katotohanan mula sa iyong pinagkakatiwalaang mapagkukunan.

Website: **elections.on.ca**
Telepono: **1.888.668.8683**
TTY: **1.888.292.2312**
Email: **info@elections.on.ca**

@electionson
ElectionsON
@ElectionsON

Elections Ontario App

I -download ang app para sa mahalagang impormasyon sa halalan, isang digital na bersyon ng iyong kard ng impormasyon ng botante, isang kumpletong listahan ng mga lokasyon ng pagboto, at higit pa!